MAYROON BA KAYONG MGA EMPLEYADO NA BUNTIS O NAGPAPASUSO?

ALAMIN ANG INYONG RESPONSIBILIDAD *Bilang isang Employer*

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. Division of Human Rights | Department of Labor | Workers' Compensation Board

Ang diskriminasyon ng pagbubuntis sa lugar ng trabaho ay lumalabag sa pederal at batas ng Estado ng New York.

BUNTIS NA MGA EMPLEYADO

Ang mga employer ng Estado ng New York[1] ay hindi maaaring magpatalsik sa empleyado dahil siya ay buntis o maaring magbuntis. Bilang employer, hindi mo maaaring baguhin ang mga termino, kondisyon, at pribilehiyo sa pagtatrabaho ng isang empleyado dahil sa pagbubuntis ng empleyado, panganganak, o kaugnay na mga kondisyon[2]. Hindi mo rin pwedeng tanggihan ang pagkuha o pag-promote sa kandidato dahil siya ay buntis.

Bilang isang employer, kailangan mong magbigay sa mga buntis na manggagawa ng hiniling na makatwirang akomodasyon para sa anumang mga kondisyong kaugnay sa pagbubuntis, kabilang ang:

- paminsan-minsang paghinto para mamahinga o uminom ng tubig,
- binagong iskedyul ng trabaho,
- leave para sa kaugnay na pangangailangang medikal,
- available na pagtatalaga sa magagaang tungkulin, at
- paglilipat malayo sa mapanganib na tungkulin.

Hindi ninyo pwedeng utusan ang empleyado na mag-leave dahil siya ay buntis. Kapag ang empleyado ay kumuha ng medical leave dahil sa a kondisyong kaugnay ng pagbubuntis o panganganak, dapat mong ihinto pansalamantala ang kanyang trabaho hangga't magagawa mo para sa mga empleyado na kumukuha ng medical leave para sa ibang mga dahilan. Maaaring magkaroon ng mga empleyado ng ibang mga karapatan sa na bumalik sa trabaho may kaugnayan sa pagbubuntis at panganganak sa ilalim ng pederal na Batas sa Pamilya at Medical Leave (federal Family and Medical Leave Act), ang Mga Benepisyo ng Kapansanan ng Estado ng New York (New York State Disability Benefits Law), at Batas sa May Bayad na Leave ng Pamilya ng Estado ng New York (New York State Paid Family Leave Law).

MGA NAGPAPASUSONG EMPLEYADO

Hindi pwedeng itratong kakaiba ng mga employer ng Estado ng New York ang mga empleyado dahil lamang sila ay nagpapasuso. Iginagarantiya ng batas ng Estado ang oras ng pamamahinga ng mga inang nagpapasuso na maglabas ng gatas ng ina sa trabaho.

- Bilang employer, dapat mong payagan ang mga inang nagpapasuso na gamitin ang may bayad na pahinga o mga oras ng pagkain o makatwirang walang bayad na oras ng pamamahinga para magbomba ng gatas.
- Dapat kayong magbigay sa mga empleyado ng pribadong silid o ibang lokasyon na malapit sa lugar ng trabaho ng mga empleyado kung saan makakapaglabas sila ng gatas, maliban kung napakahirap nito para gawin iyon ng employer.

[1] Para sa layuning ito, tinukoy ng Ang Batas sa Karapatang Pantao ng New York (New York Human Rights Law) ang employer na ibilang ang sinumang employer na may apat o higit pang mga tao sa kanyang trabaho.

[2] Ang Batas sa Karapatang Pantao ay sinasakupan ang kalagayan ng pagdadalang tao o panganganak na pigilan ang katuparan ng Isang normal na kalagayan ng katawan o pagtanggap ng mga pagsusuri ng laboratoryo. Kasama dito ang paggagatas at pagpapalaglag.

- Hindi ninyo maaaring itangi ang mga empleyado na piniling magbomba ng gatas sa trabaho o gumanti laban sa empleyado na naghahayag ng kanilang karapatan para gawin iyon.

MAY BAYAD NA LEAVE NG PAMILYA

Noong 2016, si Gobernador Cuomo ay lumagda sa batas na pinakamatibay at pinakanauunawaang polisya ng May Bayad na Leave ng Pamilya ng bansa, na nagbibigay sa mga employer ng mekanismong walang bayad para suportahan ang mga manggagawa sa oras na kailangan ang pamilya.

Simula Enero 1, 2018 karamihan sa mga pribadong employer sa Estado ng New York ay hinilingan na magbigay ng May Bayad na Leave ng Pamilya insurance coverage, na buong binayaran ng mga empleyado. Ang mga employer sa publiko ay maaaring mag-alok ng May Bayad na Leave ng Pamilya.

Ang May Bayad na Leave ng Pamilya ng New York ay nagbibigay ng protektadong trabaho, may bayad sa pamamahinga upang ang mga empleyado ay:

- **makasama** ang kasisilang na sanggol, inampon o pinalalaking sanggol;
- **mangalaga** sa malapit na kamag-anak na may seryosong kondisyon sa kalusugan; o
- **tulungan** ang mga minamahal kapag ang isang miyembro ng pamilya ay ipinadala sa ibang bansa sa aktibong serbisyong militar.

Hindi pwedeng magtangi ang mga employer o gumanti laban sa sinuman sa paghingi o pagkuha ng May Bayad na Leave ng Pamilya o pagbubuntis at kaugnay sa panganganak na pansamantalang kapansanan. Ang May Bayad na Leave ng Pamilya ay ipinakita para paghusayin ang moral ng empleyado at pananatili, na nagpapababa sa gastos.

Para sa higit na impormasyon, bisitahin ang
ny.gov/pregnancyrights o i-text ang "**PREGNANT**" sa **81336**.

Sinumang empleyadong naniniwala na sila ay itinangi dahil sa pagbubuntis, o hindi tinanggap ang makatarungan akomodasyon para sa medikal na kondisyon kaugnay sa pagbubuntis o panganganak, maaari magsampa ng reklamo sa New York State Division of Human Rights:
bisitahin ang: **dhr.ny.gov** o tumawag sa **1-888-392-3644**